# ALON (LIMANG TULA)

Radney Ranario

## DESCRIPTION

The poems are a collection of reflections on the sea and water, where the poet's experiences and those of the fishermen from the village are anchored. Life at sea is a constant struggle for breath in the face of cold and darkness.

## *Bulay-bulay sa Baybayin*

Inaangkin
Ng mga mata natin
Ang alon.

Gusto nating
Maging asin,
Sisirin ang lalim.

Gusto nating
Lunurin ang laot.
Sagwan ang agam-agam,

Gumagaod tayo.
Tinutunton ang hangganan
Ng mga bughaw.

Hanggang anurin
Ang ulirat
Sa mabatong pampang:

Bulâ ang mga matang
Inaangkin, inaari
Ng alon.

## *Kung Hunás*[1]

Kung hun*á*s
at kapiling ang dagat,
ihehele ka ng alon
sa daigdig ng mga korales;
sisisid sa lihim ng asin,
sa katahimikan ng asul
sa pusod ng laot.

Umaapuhap na palad
ang maliliit na bawúd[2]
na tumitiklop
at bumubukad
sa daop
ng buhangin sa piliw[3].

Tubig ang moog
ng mga gunitang inaalon
pabalik sa baybayin.
Kaya gusto mong humilata
sa dagat; palwang[4] inilulutang
ng alon at hangin.

Dito, damá mo ang tatag
ng banayad na haplos.
Sapat ang tubig-alat
para iguho
ang gusa-gusaling pangarap
na itinukod mo sa pusod
ng maaalong lungsod.

---

[1] *hunas-pagkati ng tubig*
[2] *alon*
[3] *baybayin*
[4] *tangkay ng dahon ng punong niyog*

*Alo (n)*

Alon-along pangamba ang dumadaong
Kung nagninilay ka sa hugis ng mga bulâ.
Alam mong bulâ ang lahat ng maaaring ihugis
Dumaong man ang pangamba na along banayad

Sa dibdib, 'yang dagat na maligalig
Kahit pino ang kislot sa baybayin o laot.
Walang katiyakan, kung gayon, ang gumaod,
Kung daratal sa pampang o aling ibayo.

Kayâ iginuguhit mong marka sa buhangin
Ang hugis ng mga pangarap, mga bulang
Gumuguho sa pitik ng hangin o halik
Ng bato sa tahimik na takipsilim.

Inaalo ka sa piliw ng gumagapang na dilim
Para magnilay sa halip sa wisik ng bituin.
Sa paanan, inaangkin ng tubig ang mga guhit,
Pangahas na mga lagda ng maaalong nais.

*Pananagwan*

Sinagwan natin ang lalim
Isang umagang
Marahas na alon ang pulso
At kalmado ang tubig.
Hámon sa dagat
Ang paggaod; dili kayâ
Pagsupil sa kaba ng dibdib.
Maaaring simpleng pagbibitiw
Sa lahat ng mga katiyakan.
Pagsalungat sa karaniwang agos.
Maaari ring pagsalpok ng bait
Sa batuhan ng mga nais.
Kapwa bagito sa alat,
Hindi natin talos ang pakay
At kay bagal nating umusad.
Sagwan lámang táyo nang sagwan.
Hanggang mangawit ang balikat.
"Bumalik na tayo sa piliw," sabi mo,
"Bago hanginin sa laot."
Hindi ako kumibo, naisip ko
Ang sariling tákot.
Ngayong lalim ang naghihiwalay
Sa panganib at baybayin,
Tumigil táyong managwan
Habang ikinikislot ang bangka
Ng banayad pang mga alon.

Pagdaong, siniil táyo ng katahimikan
Ng bato at buhangin,
At nagulantang sa tinig
Ng ubaning taga-dagat.
"Paano kayo uusad," sabi niya,
"Kung walang nagtitimon?

Magsanay kayong managwan,
Puspos, bago pumalaot!"

***Gunita ng Alon***
*(sa mga mandaragat ng aming baryo)*

Paano ko gugunitain ang alon
Na nagpapataob ng inyong bangka
Sa marahas na laot?

Maaari ko bang sabihing
Ikinukuyom ng tubig-alat ang sining
Ng pagsukol sa búhay-dagat kung gabi

At sinasagpang ng dilim ang paligid?
O kayâ, may lihim na arte sa paghihintay
Ng húli at pagsisid sa lalim?

Sugat sa alaala ang alon,
Ipuipo ng agam-agam
Sa laot ng dibdib.

Pangangahas ang gumaod
Para punan ang hapag.
Kailangang ipaanod ang tákot

At payapain ang pulso.
Sa harap ng gabahay na tubig,
Tanging gasuklay na ngiti ng kabiyak

Na nag-aabang sa piliw, yapos-yapos
Ng yayat na bisig ang katawan
Sa giniginaw na baybayin

Ang giyang-wisik sa málay
Para magpatuloy sa pagbítad[1] ng lambat
At dumaong bitbit ang subád[2].[1]

---

[1] *paghatak*
[2] *húli*